# Pray


## until something happens.

## Midyear Prayer and Fasting

July 27-31, 2026

Mon - Fri at 7:30 pm

Grace Cornerstone City Church


Pray
without
ceasing.
1 Thessalonians 5:17

# Daily Devotions

Acknowledgment:

This booklet contains devotional content from Tanglaw Daily Devotionals.

The original authors and ministries retain ownership of their respective materials. The source website for each devotional is indicated where applicable.

# Message

## from a pastor

As we reach the middle of the year, we thank God for His faithfulness in sustaining us through these months of prayer. Every moment spent seeking Him has been shaping our hearts and drawing us closer to Him.

This season, our church is focusing on strengthening one of our Four Pillars—the Prayer Pillar. Our prayer is that God would raise up more men and women who will carry the burden to pray and faithfully intercede for others. We believe that before God moves mightily through His church, He first stirs His people to seek Him.

As we continue pursuing God's mandate for 2026–2030—500 souls for Jesus and 100 committed workers—may these devotionals encourage you to grow deeper in prayer and dependence on the Lord. Together, let us anticipate His mighty power at work in our lives, our families, and our church.

May God find us faithful on our knees as we continue to P.U.S.H.—may the ground shake, may we be all filled His power and fulfill boldly the Great Commission.

> ***Acts 1:14a and 4:31***
> ***They all joined together constantly in prayer... After they prayed, the place where they were meeting was shaken. And they were all filled with the Holy Spirit and spoke the word of God boldly.***

Keep PUSHing!

Erika
Pantanilla



# Four movements in *prayer*

Early this year, we learned the four movements in prayer. As we go through our fasting week let this serve as guide for us in knowing the heart of God. The four movements are:

1. **Seek God's agenda.**
2. **Study the scriptures.**
3. **Scribble a prayer.**
4. **Submit to the Spirit's leading.**

The end result of every prayer should be obedience to God; whether He wants us to act, wait, or to pray more, our ultimate goal should be obeying His will. Prayer is not about making God answer our request, but making our request align with His will and greater purpose.




# Every Gising Is a Blessing

TANGLAW

> **Awit 3:5**
> Ako'y nakakatulog at nagigising, buong gabi'y si Yahweh ang tumitingin.

"May mga gabi na di ako makatulog," sabi ng isang senior citizen sa kanyang pastor. "Maraming bumabagabag sa isip ko. Isa na doon 'yung malubhang sakit ng anak ko na nasa probinsiya," dagdag pa niya.

Matiyagang nakikinig ang pastor sa kanyang miyembro. Sa katapusan ng kanilang pag-uusap pabirong sinabi ng pastor, "OK lang po ang walang tulog from time to time. Nangyayari po 'yan sa maraming senior citizens. Ang mahirap po ay 'yung walang gising."

Karaniwan sa atin na pag gising pa lang ay maraming na tayong iniisip — ano ang importanteng gagawin sa araw na iyon? Saan kukuha ng pera pang-tuition ng anak? Papaano ba natin malalampasan ang trials sa buhay?

Naitanong ninyo na ba ito sa iyong sarili: "Bakit kaya sa umpisa pa lang ng umaga, problema kaagad ang inaatupag ko?" Why not do the opposite? Bakit hindi natin simulan ang ating araw ng may pasasalamat sa Diyos? After all, every gising is a blessing!

# reflection

We often take waking up for granted. The mere fact that you were able to sleep the night before and now you are wide awake, that is something to be thankful for. Some people don't have that luxury. There are people who die in their sleep. Katulad na lamang ng nangyari kamakailan lang sa nanay ng isang pastor.

Ito ang challenge sa ating lahat. Ano kaya kung sa pag gising natin bukas ay magpasalamat kaagad tayo sa Diyos? Para sa isa pang araw na binigay Niya sa atin, sa bagong kalakasan, sa bagong simula, sa blessings na matatanggap natin? Starting our morning this way can really make our day.

# application

Paggising mo bukas, magpasalamat ka agad sa ating Panginoon para sa isa pang bagong umaga at bagong pag-asa sa iyong buhay.

# prayer

Tulungan po Ninyo ako, Panginoon, na maging positive sa aking paggising. Sana ay kaagad kong pupurihin ang Inyong pangalan sa pagmulat ko ng mga mata ko.




# Sapat ang Biyaya Niya

TANGLAW

> **2 Mga Taga-Corinto 12:9**
> Ganito ang kanyang sagot, "Ang pagpapala ko ay sapat sa lahat ng pangangailangan mo; lalong nahahayag ang aking kapangyarihan kung ikaw ay mahina. Kaya't buong galak kong ipagmamalaki ang aking mga kahinaan upang lalo kong madama ang kapangyarihan ni Cristo."

Malapit ka na bang sumuko? Bago ka tuluyang bumitaw, makinig ka muna. Minsan may instances na talagang pagdudahan mo ang kakayahan mo. Kaya ko ba? Qualified ba ako? Iyan ang madalas nating itanong sa sarili natin everytime we feel like the task ahead is too great for us to carry. Lalo na kapag nagkasabay-sabay ang iyong responsibilities sa work or school, family, at maging sa iyong sarili.

Aminin man natin o hindi, may hangganan tayo. Hindi tayo laging on top of our game. Napapagod din tayo. Nagsa-struggle. May circumstances na beyond our control. Sa mga pagkakataong ito mas madaling bumitaw kaysa lumaban. Mas madaling tumakas kaysa mag-stay. Pero alam mo ba na sa ganitong low moments ng buhay natin mas makikita ang power ng Diyos?

# reflection

Sa gitna ng ating karamdaman, kahinaan, o kakulangan, ibubuhos ng Diyos ang Kanyang kalakasan at kapangyarihan para magawa natin ang kailangan nating gawin. Ganito ang naranasan ni Pablo. Sa gitna ng matinding hirap na naranasan niya sa katawan, nangako ang Diyos sa kanya ng sapat na biyaya at pagpapamalas ng Kanyang kapangyarihan. Kaya hindi dead end ang kahinaan mo. Isa itong open space para mas maipakita ng Diyos sa iyo na makakaya mo dahil sinasamahan ka Niya. Kung aaminin mo lang at hihingi ka ng Kanyang tulong, mararanasan mo ang masaganang biyaya at kapangyarihan Niya.

# application

I-memorize ang 2 Mga Taga-Corinto 12:9 at ugaliing i-declare ito araw-araw, lalo na kapag nanghihina ka. Kaya mo dahil sapat ang biyaya ng Diyos!

# prayer

Lord, I acknowledge that I am limited but You are unlimited. So I humbly come before You asking that You take over my situation. Hindi ko ito kayang mag-isa kaya ngayon, naniniwala ako na sa Inyo ko makukuha ang tunay at lubos na kalakasan para magtagumpay ako. Thank You for Your grace. In Jesus' name, Amen.




# Naku, Patay!

TANGLAW

> **Juan 11:25**
> Sinabi sa kanya ni Jesus, "Ako ang nagbibigay-buhay at muling pagkabuhay. Ang sinumang sumasampalataya sa akin, kahit mamatay ay muling mabubuhay."

"Hala, parang obituary na ang Facebook notifications ko!" ang sabi ni Ivy. Every week, may nababalitaan siyang kaibigan, mga magulang o anak ng schoolmates, o churchmates na isa-isa nang pumapanaw.

Agad-agad ay ibinilin niya ang passwords ng bank accounts sa mga anak. Iniwan sa panganay ang susi ng safe kung nasaan nakatago ang mga life insurance at investment bonds. Nag-last will and testament na rin siya. Nagbilin: "Kay David ang mga libro ko, ang mga sapatos ko ay para kay Daniela dahil pareho kami ng shoe size. Si Gabriela will get my clothes, kasi pareho kami ng taste sa fashion."

It's good to have life insurance, mag-ipon, at mag-invest para sa susunod na henerasyon. Mainam ang pangalagaan ang kalusugan, magpabakuna to fight the virus, pero anuman ang gawin natin, papanaw rin tayo one day. Maaari tayong mauna o mahuli sa ating mga mahal sa buhay, malusog man ang ating pangangatawan o mahina.

# *reflection*

So how do we prepare for death? Let's turn to God's word:
Sinabi sa kanya ni Jesus, "Ako ang nagbibigay-buhay at muling pagkabuhay. Ang sinumang sumasampalataya sa akin, kahit mamatay ay muling mabubuhay." Juan 11:25

We will all die. But notice the key word here: Ako. Si Jesus 'yun. He is the source of life and whoever believes in Him, kahit na mamatay, ay muling mabubuhay. Doesn't that give us a clear sense of hope? Death does not have a stronghold upon those who put their faith in Jesus.
Nasa susunod na verse ang susi.

"at sinumang nabubuhay at sumasampalataya sa akin ay hindi mamamatay kailanman. Naniniwala ka ba sa sinabi ko?" Juan 11:26
Naniniwala ka ba sa sinabi ni Jesus? If your answer is yes, then He has already given you eternal life. The most important preparation that you can do here on earth is to accept Jesus as your Lord and Savior and to develop your relationship with Him. Kasi nga, hindi naman natin madadala sa langit ang ating material investments.

# *application*

Call a friend. Read this to him or her, or listen to the app at the same time. Discuss and pray together.

# *prayer*

Panginoong Jesus, salamat at ibinigay Mo ang buhay Mo so I can have eternal life. Tinatanggap Kita nang buong-buo. By Your grace, cleanse me of all my sins, tulungan Mo akong magbago. At sa pagbabagong ito, sana ay maging testimony ang aking bagong buhay sa tao sa paligid ko nang makilala rin nila ang aking nagmamahal na Tagapagligtas.




# Marathon of Faith

TANGLAW

> **Mga Hebreo 12:1-2**
> Buong tiyaga tayong tumakbo sa paligsahang ating sinalihan. Ituon natin ang ating paningin kay Jesus na siyang pinagmumulan at kabuuan ng ating pananampalataya.

Marathon runners will tell you na hindi biro ang pagtakbo nang pang-malayuan at pang-matagalan. Long distance running requires a considerable amount of skill, strength, and determination to do. You don't wake up one day na gusto mo lang sumali sa marathon and expect na matapos mo ito nang walang training. Handa dapat ang katawan at puso mo sa haharapin mong challenge. Hindi ito magiging madali.

Hind man serious runners ang karamihan sa atin na sumasali sa paligsahan, lahat tayo ay may marathon na sinalihan nang magdesisyon tayong sumunod kay Jesus—the marathon of our faith. Does the following scenario sound familiar? Magsisimula tayong punong-puno ng energy at inspiration pero sa kalagitnaan ng marathon, mapapagod. Mag-iisip. Worth it pa ba ang pagsunod ko sa Diyos? May saysay ba ang faith ko sa buhay ko? Kung sarili lang natin ang iisipin natin, madi-discourage talaga tayo. Mas madali nga namang mag-give up pero ito ba talaga ang gusto ni God na gawin natin?

# reflection

We can learn mula sa example ni Apostol Pablo. From being a persecutor ng Christians, naging champion of Christians. Kabi-kabila ang naging paghihirap niya at ilang beses ding nabingit sa kamatayan ang buhay niya alang-alang kay Jesus (2 Corinto 4:8-11). Pero natapos niya ang kanyang takbuhin (2 Timoteo 4:7). Katulad niya, may we be able to say sa pagtatapos ng ating buhay na natapos natin ang race, na nanatili tayong tapat sa Diyos. Higit pa sa gold medal ang naghihintay para sa atin at the end of the finish line. Jesus will be there. And He will give us our ultimate reward: the crown of righteousness.

# application

May mga bagay o kasalanan ba na nagpapabigat sa iyo kaya nahihirapan ka sa pagsunod sa Diyos? Ask the Holy Spirit na i-reveal sa iyo kung ano ang mga ito. Prepare your heart na gumawa ng big decisions na kahit mahirap sa simula ay magiging beneficial naman sa spiritual life mo in the long run.

# prayer

Jesus, help me keep my eyes on You. Ang tangi kong goal is to finish this race and to give glory to You.




## Fulfill Your Purpose

TANGLAW

> *Mga Gawa 13:36*
> Nang maisagawa na ni David ang kalooban ng Diyos, siya'y namatay at inilibing na sa piling ng kanyang mga ninuno...

Kapag ang isang babaeng Pacific salmon ay nasa sapat na gulang na, umaalis siya sa gitna ng karagatan at lumalangoy pabalik sa bandang itaas na bahagi ng ilog kung saan siya ipinanganak. Sa kanyang paglalakbay, nilalabanan niya ang agos at malalakas na hampas ng tubig. Nilulukso niya ang malalaking alon. Pagdating niya sa lugar na kanyang sinilangan, mangingitlog siya sa isang mababaw na lugar. After laying her eggs in the nest, her husband fertilizes them with his own sperm. Pagkatapos mangitlog, mamamatay na ang Pacific female salmon.

May kanya-kanyang purpose ang Diyos para sa Kanyang bawat nilalang. Maaaring ang layunin ng Diyos para sa isang Pacific female salmon ay mangitlog at pagkatapos ay mamatay na, ngunit mahirap isipin kung ganito rin lang ang purpose Niya para sa tao. Ang totoo, may magandang layunin ang Diyos para sa bawat isa sa atin. Si David ay nagsilbing hari ng Israel na nagsagawa ng kalooban ng Diyos, at saka siya pumanaw. At isipin nating mabuti ang nangyari kay Jesus 2,000 years ago. When He reached the age of 33, He suffered, died on the cross, and then rose from the dead for our sake (Isaias 53:12; Marcos 16:9). Tinupad ni Jesus ang layunin Niya na iligtas ang sanlibutan.

# reflection

Iniisip mo ba kung ano ang purpose mo sa buhay? Marahil ikaw ay isang OFW who missed all the milestones of your kids, pero napagtapos mo naman sila sa pag-aaral. Baka isa kang guro na nakapagturo sa iba't ibang klase ng mag-aaral sa loob ng mahigit 40 taon hanggang magretiro na. O isa kang housewife na nag-aalaga ng iyong anak na may kapansanan. Whatever your situation is, may purpose ang Diyos sa iyo. Trust the grace of God to enable you to fulfill your purpose in life. Take heart and believe! Manampalataya kay Jesus at sumunod sa Kanyang kalooban para sa iyo.

# application

You will discover your purpose in life habang patuloy mong binabasa ang Salita ng Diyos. As you discover your purpose, print and post it on your wall. Believe and declare, "By God's grace, I will fulfill my purpose!" Declare this daily, by faith in Jesus' name.

# prayer

Lord give us the wisdom to discover our true purpose in life. May we stay in our course and remain faithful to You. Direct and lead us in the powerful name of Jesus. Amen.


Pray
until something
happens.

"We exist to raise and send leaders who will plant, direct, share, nurture, and teach others until everyone matures in Jesus."

**Grace Church's Mission**



**Grace Cornerstone City Church Inc.**
Eastwood Richmonde Hotel, Quezon City, Philippines

**Connect with us**

gracechurchph@gmail.com
www.gracechurchph.com
@gracechurchphl